# MGA INILIKAS DAHIL SA SUNOG SA HILAGANG CALIFORNIA

**Kung nawalan kayo dahil sa sunog sa Hilagang California sa Mga County ng Lake, Monterey, Napa, San Mateo, Santa Cruz, Solano, Sonoma, o Yolo, makakapag-apply na kayo ngayon para sa tulong mula sa pederal.**

**Para simulan ang proseso:**

1. Mag-apply online sa Federal Emergency Management Agency (FEMA), sa: https://www.disasterassistance.gov/

**O**

2. Tumawag sa 800-621-3362 o 800-462-7585 (TTY).

*Hinihikayat ka naming mag-apply online kailanman na maaari.*

**Kapag nag-apply, hihingian kayo ng impormasyon na kinabibilangan ng inyong:**

1. Numero ng Social Security (SSN) **O** ang SSN ng menor de edad na anak sa bahay na isang U.S. Citizen, Hindi Citizen na Nasyonal o Kwalipikadong Alien

2. Taunang Kita ng Sambahayan

3. Impormasyon para sa Pakikipag-ugnayan (numero ng telepono, address para sa sulat, email address* at address ng napinsalang bahay)

4. Impormasyon ng insurance (coverage, pangalan ng kumpanya ng insurance, atbp.)

5. Impormasyon ng Account sa Bangko (kung nararapat kayong tumanggap ng tulong pinansyal, maaaring ideposito ang pera sa inyong account)

**Kung gusto ninyong makita sa hinaharap ang status ng inyong application online, kailangan ninyong magbigay ng email address. Kung hindi kayo magbibigay ng email address, kakailanganin ninyong makipag-ugnayan sa FEMA sa telepono para makakuha ng mga update sa status ng inyong application.*

**MAHALAGA:** Kung mayroon kayong insurance, maaari kayong italaga ng proseso ng FEMA bilang "hindi nararapat" para sa mga benepisyo bagaman maaaring may karapatan kayo para sa mga ito. Kung makakatanggap kayo ng sulat ng pagtanggi, maaari kayong umapela/mag-apply muli sa loob ng 60 araw para mapanatiling bukas ang file ninyo sa FEMA habang inaayos ninyo ang inyong claim sa provider ninyo ng insurance.

- Hindi maaaring doblehin ng FEMA ang mga pagbabayad ng insurance, pero maaari silang makatulong kung hindi magbabayad ang insurance ng may-ari ng bahay.
- Mayroon kayong hanggang 12 buwan mula sa petsa nang mag-apply kayo sa FEMA para isumite ang inyong mga talaan ng areglo (settlement) sa insurance para masuri. Kung naantala nang mas matagal sa 30 araw ang inyong pakikipag-areglo mula sa oras na isinumite ninyo ang inyong claim, maaari kayong sumulat sa FEMA para ipaliwanag ang dahilan ng pagkaantala. Anumang pondo na matatanggap ninyo mula sa FEMA ay ituturing bilang isang pauna at dapat itong bayaran kapag nakuha na ninyo ang inyong areglo.